**International Journal of Research Studies in Education**
2025 Volume 14 Number 8, 65-78

# Gabay-materyal sa paggawa ng pormal na panulat sa mga guro sa elementarya

Lopez, Joven M. ✉
*Sorsogon State University, Philippines (jhovenmedianalopez.jml@gmail.com)*
Marbella, Felisa
*Sorsogon State University, Philippines (felisa.marbella@sorsu.edu.ph)*




ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

**Received**: 14 April 2025 **Revised**: 25 April 2025 **Accepted**: 30 April 2025
**Available Online**: 2 May 2025 **DOI**: 10.5861/ijrse.2025.25074

***Abstrak***

Natiyak sa pag-aaral na ito ang gamit ng nabuong gabay-materyal sa paggawa ng pormal na panulat ng mga guro sa Filipino sa Distrito ng Castilla, taong panuruan 2024 – 2025. Ang pananaliksik na ito ay ginamitan ng disenyong deskriptib-kwalitatib. Ang mga respondent ay ang mga gurong may katungkulan bilang Filipino Koordinaytor sa Distrito ng Castilla. Ang nagsilbing instrumento ng pananaliksik ay ang mga naratibong ulat na nakasulat sa Filipino na isinumite ng mga koordineytor ng kalahok na paaralan. Ginamit din ang interbyu skedyul sa pagkuha ng karagdagang datos. Inanalisa gamit ang frequency count, weighted mean at LRMDS ang resulta mula sa nalikom na datos. Batay sa nalikom na datos, natuklasan ang sumusunod: Hindi gaanong nalinang ang kasanayan ng mga guro sa paggawa ng pormal na panulat sa kadahilanang hindi sapat ang kaalaaman at kakayahan sa paggawa. Hindi nakagagawa ng pormal na panulat sapagkat wala na silang oras sa paggawa nito. kulang ang kaalaman sa kung paano sila gumawa ng pormal na panulat, Limitado ang kaalaman sa paggamit ng mga salita sa gagawing pormal na panulat. Inirerekomenda ang sumusunod: ang mga guro ay patuloy na makilahok sa mga pagsasanay, paligsahan at seminars nang sa gayun ay mas malinang pang lalo ang mga kakayahan sa pagsulat ng mga pormal na panulat gamit ang wikang filipino. Ang nabuong gabay-materyal ay maaring gamitin ng mga guro lalo na ng mga guro sa Filipino upang mas mapataas ang antas ng kaalaman sa paggawa ng pormal na panulat.

***Susing Salita:*** gabay-materyal, pormal na panulat, naratibong ulat, pagsulat, makrong kasanayan

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial-NoDerivs CC BY-NC-ND

# Gabay-materyal sa paggawa ng pormal na panulat sa mga guro sa elementarya

## 1. Introduksyon

***Kalikasan at Kahulugan ng Pagsulat***

Ang pagsulat ay importanteng matutuhan ng isang indibidwal maging ang mga guro na nagtuturo sa mga mag-aaral ay kailangan din matutuhan ang mga pangunahing pamamaraan, kaalaman at kahalagahan ng pagsulat. Ito ay isang komunikatibong kasanayan at interaktibong kagalingang nililinang sa isang tao at higit na nakatutulong ito sa pang araw-araw na pamumuhay ng isang indibidwal. Ang pagsulat ay pagsasalin sa papel o sa anomang kasangkapang maaaring magamit na mapagsasalinan ng mga nabuong salita, simbolo, at ilustrasyon ng isang tao o mga tao sa layuning maipahayag ang kanilang kaisipan (Bernales, et.al, 2001). Ito ay kapwa isang pisikal at mental na aktibiti na ginagawa para sa iba't ibang layunin. Ito ay pisikal na aktibiti sapagkat gumagamit dito ng kamay at mata. Mental na aktibiti rin ito sapagkat hindi maaaring hindi gamitin ang utak sa pagsusulat. Ang pagsuong sa gawaing pagsulat ay nangangailangan ng puspusang mental at konsederableng antas ng kaalamang teknikal at malikhain. Ang bawat isa sa atin ay nagsusulat araw-araw, sa paaralan ang mga mag-aaral ay nagagamit ang pagsusulat maging ang mga guro ay ginagamit rin ito sa paggawa ng banghay-aralin, paglista ng mga nagawang aktibiti ng mga mag-aaral at maging ang mga proyekto isusumite.

Ayon kay Diaz, et al (2013) ang pagtalakay sa mga paksa ay makatutulong sa mga mag-aaral na matukoy at mailahad ang kahulugan at kalikasan ng pagsusulat. Ang mga matutunang aralin ay maiuugnay ng mga mag-aaral sa totoong buhay gaya ng pagsulat ng isang komposisyon ayon sa kani-kanilang layunin. Ang bawat mag-aaral ay magiging isang mabuting mananaliksik sapagkat sa pagtatapos ng aralin ay nalalaman nila ang kahulugan, katangian, tungkulin ng pananaliksik at responsibilidad ng mananaliksik. Napakalaking kahalagahan ang naidudulot ng pagsusulat sapagkat sa pamamagitan ng pagsusulat ay maisasariwa at mapapakinabangan pa ng mga susunod na henerasyon ang kasaysayan at iba pang mahahalagang pangyayari sa ating bansa o sa lupang ating kinaroroonan. Kanilang magagamit ito dahil sa bawat taon na dumaraan ay paiba-iba ang nakakabasa at nakakakita nito. Ang pagsulat ay higit na makakatulong mailathala ang mga nangyayari sa ating mga buhay at maibahagi ito sa sinumang gustong malaman ang ating sariling mga pagkakakilanlan.

Ayon kay Fernandez (2015) na ang pagsulat ay isang proseso at dahilan sa ito'y proseso, kailangan itong ituro at pag-aralan. Ito'y upang maituro ang wastong paraan ng pagsulat ayon sa kanyang dapat na maging sunud sunod na hakbang. Ang pagsusulat ay walang katapusan, paulit ulit na proseso sa layuning makalikha at makagawa nang maayos na sulatin. Maituturing itong isang napakahalagang salik o factor ng pagkatuto ng gawaing pagsulat na siyang magpapatunay sa naisagawa ng tao sa lipunan na kanyang kinabibilangan. Nangangahulugan ito na kung ang isang mag-aaral ay may potensyal sa pagsulat, nararapat lamang na pukawin ang natatagong talino upang magamit at maipalabas ang kakayahan at mabigyan ng pagkakataong malinang nang husto ang kasanayan. Masasabi na ang pagsulat ay patunay lamang na mahalaga at kailangan matutunan nang sa gayun ay maraming mag-aaral ang matututo at malilinang nila ang kani-kanilang galing sa pagsulat. Mahalaga rin matutunan hindi lamang ng mga mag-aaral ang pagsulat bagkus maging ang mga guro dahil sila ang magbibigay ng aral at inspirasyon sa mga mag-aaral na makagagawa ng sulatin sa kanilang gabay at pagtuturo dito.

***Kaalaman at Kakayahan ng mga Guro sa Pagsulat***

Ang pagsulat ay isang mental at pisikal na aktibidad na isinasakatuparan para sa iba't ibang layunin. Ito ay mental na aktibidad sapagkat pinapairal dito ang kakayahan na ng isang tao na mailabas ang kanyang mga ideya sa pamamagitan ng pagsasatitik sa mga ito. Ito naman ay matuturing na pisikal na aktibidad sapagkat ginagamitan ito ng paggalaw ng kamay. Ang pagsulat ay isang komunikatibong kasanayan at interaktibong kagalingang nililinang sa isang tao, mula noon hanggang kasalukuyan. Isa itong pambihirang gawaing pisikal at

mental dahil dito mo isinasagawa ang nais ipahayag sa tulong ng paglilipat ng kaalaman sa isang papel o anumang kagamitang maaaring pagsulatan. Samantalang ayon naman kay Mabilin (2016), ang pagsulat ay katulad din ng pagbasa na kinakailangang gamitan ng wastong pag iisip, ibayong damdamin at karanasan. Isa itong paraan ng pakikipagpag-unawaan o pakikipagdiskurso ng isang tao sa kanyang kapwa sa pamamagitan ng mga letra, salita, parirala at mga pangungusap. Sa gawaing ito, nailalahad ng sinumang nagnanais sumulat ang kanyang mga saloobin at paniniwala dahil ito ay repleksyon ng kaalamang nakuha ng isang tao sa pang-araw-araw niyang pamumuhay sa lipunan. Nararapat itong linangin at gawing kapaki-pakinabang sapagkat tulad din ng pagbasa, ang pagsulat ay pagpuproseso at pagsasama-sama ng mga kaalaman kung saan ipinapahayag o inilalapat ang kaalaman sa isang partikular na paksa.

Ganito rin ang paniniwala ng Lantolf (2000) kaugnay ng proseso ng pagsulat at pagkatuto sa pagsulat. Para sa kanya, mahalagang salik ang interaksyon sosyal sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Nakatutulong ito sa tulong na scaffolding, ang suporta o gabay na ibinigay ng guro, kamag-aral at magulang upang mapagtagumpayan ng mga mag-aaral ang mga gawaing lubhang mahirap para sa kanya. Ang pagsulat ay kabilang din sa apat na makrong kasanayang pangwika na binibigyan ng malaking tuon dahil higit na kinakailangan ito upang masukatang kailangan at kahandaan mo sa isang disiplina. Bagamat katulad ngdiskursong pagsasalita na parehong nagpapahayag ng kaalaman at natutuhan (productive and expressive learning), ang pagsulat ay nararapat na bigyan ngtamang panahon dahil hindi ito katulad ng pagsasalita na kusang natutuhan at bahagya ring naglalaho sa isipan ng mga nakikinig sa paglipas ng panahon.

Binigyang-diin nina Tompkins et.al (2003), ang pagsulat bilang proseso na hindi matatapos sa isang upuan kundi nahahati sa iba't ibang yugto. Itinuturing itong isa sa pinakakomplikadong kasanayan dapat matutunan ng mga mag-aaral sapagkat habang nagsusulat, natutunan din niya kung paano mag-eksperimento sa gamit ng wika. Dahil sa ganitong kalikasan ng pagsulat, kailangan iparanas sa mga mag-aaral ang prosesong pagdulog na binubuo ng sumusunod na mga yugto: pre-writing, drafting, revising, editing at publishing. Ang mga gurong gumagamit ng ganitong lapit ay nagbibigay sa mga mag-aaral ng dalawang mahahalagang suporta sa pagbuo ng isang sulating-sapat na oras at feedback. Samantala sinabi ni Mabilin (2010) ang pagsulat ay katulad din ng pagbasa na kinakailangan gamitin ng wastong pag-iisip, ibayong damdamin at karanasan. Isa itong paraan ng pakikipag-ugnayan sa isang tao sa kanyang kapwa sa pamamagitan ng mga letra, salita, pararila at mga pangungusap. Tulad din ng pagbabasa, ang pagsulat ay proseso at pagsasama-sama ng kaalaman ng isang partikular na paksa. Ang mga guro ay nagagamit ang pagsulat upang maiwasto at maibahagi ang karanasan sa lahat at sa pamamagitan ng pagsulat maisasama-sama ang kaalaman upang makagawa ng sariling tala o sulatin.

Ayon kay Donald Murray (2014), ang pagsulat ay isang eksplorasyon-pagtuklas sa kahulugan, pagtuklas sa porma at ang manunulat ay nagtatrabahonang pabalik-balik nagtutuon sa isa sa mga batayang kasanayan sa bawat panahon nang kanyang matuklasan kung ano ang kanyang isusulat at kung paano niya iyon maipapahayag nang episyente. Ayon pa rin sa kanyang ang pagsulat at isang prosesong rekarsib o paulit-ulit. "Writing is rewriting" Matapos diumanong magsulat, magsisimula na namang panibago ang bagong pagsulat. Paglalarawan ni Murray sa mabuting manunulat - "A good writer is wasteful". Ang mga guro ay isang mahusay na manunulat at kanila itong naisasalaysay batay sa kanilang kasanayan sa pagsulat. Naipapahayag ang kanilang kakayahan balikan ang mga

***Mga Kagamitan at Mga Importansya ng Pagsulat sa mga Guro***

Sa pag-aaral ni Keller (2015) ang pagsulat ay isang biyaya, isang pangangailangan at isang kaligayahan ng nagsasagawa nito. Isang biyaya ito sapagkat ito ay isang kasanayang kaloob ng Maykapal at ekslusibo ito sa tao. Isa itong pangngailangan sapagkat kasama ito sa kasanayang pakikinig, pagbasa at pagsasalita na may malaking impluwensiya upang maging ganap ang ating pagkatao. Isa itong kaligayahan sapagkat bilang isang sining, maaari itong maging hanguan ng satispaksyon ng sinuman sa kanyang pagpapahayag ng nasasaisip o nadarama. Bilang guro malaki ang nagagamit ng pagsulat sa bawat mag-aaral. Ito ay nagsisilbing batayan ng pagkatuto ng mag-aaral sa paaralan itinatala nila o isinusulat ang mga natutuhan nila sa kuwaderno at nababasa nila ang

naisulat na teksto sa libro.

Ang pag-aaral ni Calub (2016), ay tungkol sa mga pagkakamali sa mga sulatin sa Ingles at Filipino sa pook na hindi Tagalog ang salita. Ito ay ang mga pagkakamali ng pandiwa, maling salita, malaking titik, palugit, kulang ng salita at paghahati ng salita. Sa Filipino naman ang karaniwang pagkakamali ay baybay ng salita, malaking titik, bantas, maling salita, malaking titik at palugit. Napag-alaman na higit na maraming pagkakamali sa Ingles kaysa Filipino ang napansin sa mga mag-aaral. Nangangahulugan lamang na kung ang bawat isa sa atin ay may kahusayan at kalinangan sa pagsulat malilimitahan ang mga pagkakamali sa Ingles man yan o sa Filipino. Maging ang mga guro ay nagkakamali sa paggamit ng mga bantas, maliliit na titik, baybay at iba na magiging batayan upang mapabuti at mapaunlad ang kakayahan ng bawat isa sa pagkatuto sa paggawa gamit ang pagsulat.

Malaki ang maitutulong ng pag-aaral na ito sapagkat mabibigyan ng sapat na kaalaman ang mga guro kung paano makagagawa ng isang pormal na panulat, matutulungan din malaman kung ano ang mga pangunahing dapat malaman sa tamang paggamit ng mga salita sa paggawa nito nang sa gayun ay makagagawa ng walang alintanang pagkakamali sa napiling mga salita. Matutulungan nito ang bawat guro para mas mapadali sa paggawa ng mga pormal na panulat ang lahat ng mga programa sa paaralan. Magkakaroon ng kahusayan at matuturuan ito na maiayos ng wasto ang mga nais ilagay sa kanilang pormal na panulat. Ayon kay Lumbrera (2017), kailangan munang maunawaan ng tao ang pansariling kapalarang itinadhana sa bawat nilalang at kinakailangang maunawaan ang kaugnayan ng mga sulat o akda na nagaganap sa lipunang kanyang kinabilangan. Isa itong kagamitan na kailangan maunawaan ang mga sinulat na nagawa upang maging malinaw at mabasa ng maayos ng mga mambabasa. Maging sa mga nagawang pag-aaral kinakailangan rin basahin muli ang mga pagkakagawa ng mga sulatin nang hindi maiwasan ang pagkakalito sa mga nagawang sulatin.

Batay kay Mabanglo (2014), ang tula ang pinakamasidhi, pinakamatipid at pinakamasining na pagpapahayag sa kaisipang may kalakip nadamdamin. At dito, sa tula nagmula ang ibang mga sining tulad ng sining ng awit, sayaw at dula. Isa ang tula sa may pinakamaiiksi na pangungusap ngunit ito ang dapat tutukan at bigyan nang pansin sapagkat dito nakakuha ng mga kamalian sa pagsulat, sa mga gitling na ginamit, kung saan maglalagay ng malaking titik. Mahalagang salik ng pagsulat ito sapagkat maitatala dito ang mga pansariling kaisipan at naisusulat ang damdamin natin o nararamdaman. Sinabi rin ni Alejandro (2016), ang maikling kuwento ay nakapagdudulot ngaliw sa pamamagitan ng isang malinaw at makapangyarihang paglalahad samga pangyayari sa buhay ng pangunahing tauhan. Dapat iwasan ang paggamitng mahahaba at maraming paglalarawan. Maingat na pananalita ang dapat gamitin mga pangunahing tauhan sa mga salita at pag-iiwan ng iisangkakintalang isip ng bumabasa. Mahalang salik din ito dahil makakasulat at makakalimbag ng mga makabuhulang kwento para sa mga mag-aaral at mambabasa, maging sa mga gurong gustong maglimbag ng sariling kuwento.

Ayon kay Sauco et al. (1998), ito ay ang paglilipat ng mga nabuong salita sa mga bagay o kasangkapan tulad ng papel. Ito ay naglalayong mailahad ang kaisipan ng mga tao. Malaki ang naidudulot sa pag-aaral nito. Dito nila maipapahayag ang kanilang saloobin at kanilang gustong sabihin. Ayon sa pahayag ni Villafuerte et. al (2008) ang wika ang pangunahing kasangkapan upang maisakatuparan ang matagumpay na pakikipagtalastasan. Dito nakasalalay ang anumang tagumpay ng anumang propesyon sa pakikipag-ugnayan sa kapwa. Ang pagsulat ay ang paglabas ng ideya na maipapahayag ang malayang saloobin upang upang maisulat ang tamang proseso. Kailangan ng pagpopokus sa pagsulat para maisakatuparan ang mga susulatin na mga pahayag sa papel. Ang pag-iistruktura ng pagsulat kailangan ang mga ginamit na salita ay angkop sa paksa o tamang gamit sa pangungusap. Sapagkat hindi mahirap unawain kung ito ay wasto ang pagkagamit ng pangungusap. Kailangan dito ng tamang pagkakasunod-sunod na pangungusap para maunawaan ng mga mambabasa. Sa pagsulat importante rin ang pagtataya o ebalwasyon. Ito ay tumutukoy sa mga pinag-aralan ng mga mag-aaral pagkatapos ng aralin. Dito na nila pinapahayag sa pagsulat ang tamang sagot. Malalaman kung ang pakikinig ng mga mag-aaral ay malinaw at masasagutan lahat ng mga tanong.

May nagsasabing napakahirap daw magbasa at magsulat sa Wikang Filipino. Dahil dito, ang asignaturang

Filipino ay di-atraktibo sa mga mag-aaral. Kinakikitaan ito ng kakulangan sa mga kagamitan sa pagsulat para mapaunlad ang kanilang kakayahan na sumulat. Kung kaya't ang kahinaan ng isang mag-aaral sa pagsulat ay makikita. Sa pahayag ni Emery et.al (2004) ang pagsulat ay isang epektibong larangan upang maipakita ang karunungan ng isang tao gamit ang mga isinatitik na salita. Ito ay isang kasanayang humuhubog sa kadalubhasaan ng manunulat sa tulong ng kanyang kaisipan, paniniwala at layunin sa tulong ng iba't ibang ayos ng mga pangungusap sa bawat talata tungo sa pagbuo ng mga sulatin. Kaugnay ng gampanin ng guro sa pagkatuto sa pagsulat, naniniwala si Tompkins (2003) na ang isang epektibong guro sa pagsulat at pagbasa ay nagbibigay ng angkop na suporta o scaffolding sa kanilang mga mag-aaral. Maipapakita ito sa pagbibigay ng gabay, pagtuturo at pagmomodelo ng iba't ibang kasanayan. Mahalaga na makapagbibigay ng positibong motibasyon sa isa't isa upang makilahok sa mga mag-aaral sa mga gawaing inihanda ng guro. Ilang implikasyon ng paniniwalang ito ang pangyayaring ang mga mag-aaral ay (a) hindi natatakot magkamali sa pagsulat dahil nararamdaman nila ang suporta ng kapaligiran, (b) nahihikayat na makilahok sa klase at (c) nakatanggap ng feedback mula sa klase at o sarili nilang nagsilbing gabay lamang sa pagkatuto ang kanilang guro.

***Layunin -*** Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang kaaalaman ng mga gurong Filipino koordinaytor sa elementarya sa paggawa ng mga pormal na panulat. Sinagot sa pag-aaral ang: 1) maanalisa ang kaalaman ng mga guro sa paggawa ng pormal na panulat 2) makabuo ng gabay-materyal sa paggawa ng pormal na panulat

## 2. Metodolohiya

Ang pananaliksik na ito ay ginamitan ng disenyong deskriptib-kwalitatib upang mailarawan ang kaalaman ng mga guro sa pagsusulat ng mga pormal na panulat. Ang mga respondent ay ang mga elementaryang gurong may katungkulan bilang Filipino Koordinaytor sa Distrito ng Castilla. Ginamit ang random sampling sa pagpili ng 10 Filipino koordinaytor. Ang mga naratibong ulat na nakasulat sa Filipino na isinumite ng mga koordineytor ng kalahok na paaralan ang pinagbatayan ng mga datos. Ito ang nagsilbing insturmento sa pagtukoy ng kaaalaman ng mga guro sa pagsulat ng pormal na panulat batay sa pagkakaugnay, kaisahan, wastong gamit, at kaayusan. Ginamit din ang interbyu skedyul sa pagkuha ng karagdagang datos. Nilalaman nito ang mga tanong na kung sila ay: gumagawa ng mga pormal na panulat, karanasan sa paggawa ng mga pormal na panulat, kaalaman sa paggawa, at kung may materyal na ginagamit bilang lunsaran sa paggawa ng pormal na panulat.

Tinyak ng mananaliksik ang boluntaryong paglahok sa isinagawang harapang pakikipanayam. Nagsagaw rin ng onlayn na pakikipanayam sa mga gurong hindi maaari makapanayam ng harapan. Isinagawa ito ng mananaliksik sa kanilang kumbinyenteng oras at araw para sa kanila. Pumayag ring maanalisa ng mananaliksik ang mga nabuo nilang naratibong ulat. Pinaalam sa mga naging impormante ang pagiging kumpidensyal ng kanilang mga naging kasagutan. Inanalisa gamit ang frequency count at weighted mean para matukoy ang kaalaman sa pagsulat na pormal na panulat Ginamit rin ang Learning Resources and Management and Development System (LRMDS) DepEd Order No. 76 s. 2011 upang tukuyin ang naging ebalwasyon ng bawat bahagi ng nabuong ng *printed material*.

## 3. Natuklasan

Sa bahaging ito ng pananaliksik ipinaliwanag ang mga natuklasan ng mananaliksik sa nagawang pag-aaral batay sa nalikom na datos. Ang bawat datos na nalikom ay nagmula sa mga gurong may katungkulan sa Filipino na siyang naging basihan sa pag-aaral na ito.

### *Kaalaman ng mga Guro sa Paggawa ng Pormal na Panulat*

Natuklasan sa pag-aaral na ito ang kaalaman at kasanayan ng mga guro sa paggawa ng pormal na panulat ay limitado lamang. Natukoy ang pagkakaugnay, kaisahan, wastong gamit, at kaisahan upang malaman ang kaalaman ng mga guro sa paggawa ng pormal na panulat.

***Pagkakaugnay.*** Sa naging resulta, natukoy na ang paggawa ng sulatin ng mga guro ay may lohikal na

pagkakaugnay at kalinawan sa pagkakagawa nito. Ilan sa mga guro ay nakagawa ng mga pangunahing ideya na susuporta sa paksa sa ginawang ulat. Naiuugnay rin dito na ang mga bahagi ng ginawang ulat ay malinaw na naidaloy ang mga ideya. Nagangahulugan lamang na ang paggamit ng mga salita sa pasulat na pamamaraan ay magkakaugnay at naipahayag nang mahusay at hindi ito nagdulot ng kalituhan sa mambabasa. Para sa pagkakahulugan ng resulta, naibahagi nito na sa paggawa ng pormal na panulat ay dapat itong naiuugnay at nasusuportahan ang mga ideya sa gagawing ulat nang sa gayun ay makagawa ito ng malinaw na pagpapakahulugan at maiintindihan ito ng maayos ng mga babasa. Malaking bagay para sa mga guro na matuto sa wastong paggawa ng ulat sapagkat ito ang magiging batayan kung ang ginawa ba ay naayon, nasusuportahan at naiuugnay ito ng wasto.

Ang maaring maging implikasyon sa resulta nito ay magsagawa pa ng mga workshops upang mas lumawak pa ang mga ideya na magagamit sa pagsuporta sa gagawing ulat, maari naman magsaliksik sa internet ng mga ideya o karagdagang detalye upang makatulong sa pagpapaayos ng ginagawang ulat, magsulat ng mga napapanahong pangyayari sa kasalukuyan at sa gabay ng mga eksperto ipakita kung ang ginawang sulatin ay naiuugnay o konektado sa napapanahong pangyayari sa ganitong pamamaraan mahahasa ang kakayahan ng mga guro sa pagsulat ng sulatin. Naging pahayag nga ni Emery et al. (2004) ang pagsulat ay isang epektibong larangan upang maipakita ang karunungan ng isang tao gamit ang mga isinatitik na salita. Ito ay isang kasanayang humuhubog sa kadalubhasaan ng manunulat sa tulong ng kanyang kaisipan, paniniwala at layunin sa tulong ng iba't ibang ayos ng mga pangungusap sa bawat talata tungo sa pagbuo ng mga sulatin.

***Kaisahan.*** Sa naging resulta upang makagawa ng sulatin na tumpak ang pagkakabuo ng mga ideya, magkatulad ang mga ideya sa paggawa at pagkakaisa ng mga ginamit na mga salita o magkapareho sa paksa ang mga guro ay nakagawa lamang ng bahagya o hindi gaano naipaliwanang ng wasto ang pagkakaisa nito. Bahagyang may katumpakan ang pagkakabuo ng mga ideya at ang mga ginamit na salita ay bahagyang magkakaisa. Naging simple ang mga nailagay na mga salita kaya hindi ito naging sapat upang maging maayos ang pagkakaisa-isa nito sa gustong iparating sa ulat na ginawa. Para sa pagpapakahulugan ng resulta, naibahagi dito na ang mga guro ay nagkaroon ng kalituhan sa mga salitang gagamitin sa pagwawasto ng mga ideya kaya bahagya lamang ang pagkakaisa ng mga ito sa paksa. Nangangahulugan lamang na ngangailangan ng gabay ang mga guro sa paggawa ng ulat gamit ang wastong salita at naiintindihan na ideya sa paksa. Inaasahan magkaroon ng sapat na kaalaman upang mapunan ang mga pagkukulang sa paggamit ng salita at maikunekta ito sa paksa upang maging malinaw ang paggawa ng ulat.

Ang magiging implikasyon sa pag-aaral ng resulta ay manggalap ng impormasyon o datos upang maging sapat at magkaroon ng malawak na kaalaman sa mga salitang gagamitin maaring sa mga teksto o internet. Maaring ipaalam ito sa mga dalubhasa sa wikang filipino upang makuha ang kanilang suhestiyon o kaalaman sa pagwawasto at pag-iisa ng mga ideya sa paksa. Manggalap ng mga sulatin Filipino at gawan ito ng sariling interpretasyon ang lahat nang datos na kinalap mo sa pamamagitan nito at maaaring mapaghuhusay mo ang iyong kakayahan sa pagsulat batay sa mga datos na nakalap mo. Ayon nga kina Saavedra et al. (2020) na ang proseso ng pagsulat ay karaniwang nagsasangkot ng ilang mga hakbang. Karaniwan, ito ay binubuo ng tatlong hakbang: bago magsulat, habang nagsusulat, at pagsusulat muli. Ang iba pang mga hakbang, gayunpaman, ay may apat na hakbang, tulad ng pag-iisip, pagpaplano, pagsulat, at pag-edit. Gumagamit ang ilang manunulat ng limang hakbang: bago magsulat, paggawa ng burador, pagrebisa, pag-edit at pagbibigay ebalwasyon. Ito ay upang sabihin na ang bawat manunulat ay may sariling istilo ng pagsulat depende sa antas ng kanilang mga mambabasa at layunin ng pagsulat.

***Wastong Gamit.*** Ang naging resulta nag pag-aaral ay madaming pagkakamali ang nakuha ng mga guro sa paggawa ng ulat. Nakakuha sila ng mahigit na 11 hanggang 20 na pagkakamali sa ginawang ulat. Sa pagbabaybay naman ng mga sulatin ay nakakuha sila ng 10 mali. Nagkamali rin sila sa paggamit ng bantas at wastong balarila. Nangngahulugan na ang paggawa ng isang ulat ay maraming kailangan pagtuunan ng pansin at alituntunin tulad na lamang ng paggamit ng wastong bantas at balarila. Limitado ang kaalaman ng mga guro sa balarilang Filipino at sa wastong gamit ng mga bantas. Bilang pagpapakahulugan sa ginawang pag-aaral ay

mainam na tutukan ng guro ang pag-alam ng paggamit ng mga bantas at wastong gamit nito sa pangungusap dahil ang mga guro ay higit na makagagawa ng isang maayos na sulatin kapag malawak ang kaalaman sa paggamit ng mga bantas at maipakita ang mga salitang angkop upang maunawaan ito at magawan ng maayos.

Hinihikayat ang mga guro na dumalo sa mga seminar at trainings upang umunlad ang kaalaman at makabuo ng maayos na sulatin. Maaring magsagawa ng isang gawain sa pagsulat na malilinang ang ating mga memorya at mahasa ito ng wasto at maaring mag-imbita ng isang dalubhasa nang sa gayun ay may ekspertong susubaybay at gagabay sa napiling gawain. Maaring sumali sa mga paligsahan sa pagsulat upang malinang ng husto ang isipan sa oras na itatakda dito sa pamamagitan nito mapapadali ang pagkatuto sa paggamit ng wastong salita o mga bantas. Banggit nga nina Raoofi et al. (2017) na ang pagpapaunlad ng pagsulat ay kailangan para sa mga mag-aaral sa unibersidad dahil isa ito sa napakahalagang kasanayan para sa kanilang pag-aaral. Tinutulungan nito ang mga mag-aaral na maisakatuparan ang mga takdang-aralin, pahusayin ang kanilang mga kakayahan sa kritikal na pag-iisip at paunlarin ang kanilang pagganap (Graham et al., 2007).

***Kaayusan.*** Ang pagkakaroon ng hindi angkop na presentasyon at disenyo, hindi angkop ang mga napiling disenyo at limitado ang mga detalye kaya hindi masyadong maganda tignan ang ginawang ulat. At ang pagkakasunod-sunod ng mga detalye ay hindi naangkop sa isa't isa kaya may kalituhan sa pag-unawa sa ginawa. Maliban sa pagsulat ng maayos hindi napakita ang pormalidad sa ulat dahil nilagyan ito ng disenyo na hindi naayon sa paksa. Bilang pagpapakahulugan ang pagkakaroon ng maayos na presentasyon sa ulat ay kinakailangan ito ay pormal, naayon at malinis tignan. Maaring gamitin ito upang maging presentable ang ginawang ulat. Maging ang pagkakasunod-sunod ng mga detayle ay nasa maayos na pagkakalagay. Nangangahulugan lamang na sa bawat ulat na ating ginagawa ay may kaakibat itong alituntunin na siyang susundin at upang maging presentable sa mambabasa o sa mga makakakita nito.

Nangangahulugan lamang na dapat gumamit ng mga pormal na disenyo para sa mga titik na gagamitin, sa kulay at sukat ng laki ng titik, maging sa pagkakasunod-sunod ito dapat ay malinaw at maayos tignan. Sa pagiging presentable kailangan alamin kung para saan ang pagbibigyan nito upang matukoy kung anong klaseng kaayusan ang gagamitin. Ipakita ang ginawang ulat sa bihasa upang matukoy kung ano pa ang maaring kulang o sobra sa ginawang sulatin. Humingi ng mungkahi sa mga dalubhasa kung paano makagagawa ng sulatin na angkop at wasto ang pagkakagawa. Ayon kay Rivers (1975) na binanggit ni Manalus (2021), ang pagsusulat ay isang proseso na may kahirapan sa pag-unawa. Ang prosesong ito ay nagsisimula sa pagkuha ng kasanayan hanggang sa ito ay magamit nang aktwal. Mahalagang pag-aralan ang pagsusulat dahil ito ay nakatutulong sa pang-araw-araw na buhay, lalo na sa komunikasyon.

Sa isinagawang pakikipanayam nailatag ng mga guro ang dahilang kung bakit mas matatas sila magsulat ng naratibong ulat sa Ingles kaysa sa Filipino. Narito ang ilang kadahilan kung bakit kulang ang kanilang kaalaman at kasanayan sa paggawa ng pormal na panulat:

***Hindi sapat ang kaalaman sa paggawa***. Sa naging resulta ng ginawang interbyu sa mga kaguruan ito ang pinakaunang dahilan na kanilang sinabi kung bakit kulang ang kanilang kaalaman at kasanayan sa paggawa ng pormal na panulat sapagkat ilan sa kanila ay hindi sanay sa paggawa kaya naman kulang o hindi sapat ang kaalaman nila. Paliwanag pa nila na sanay sila sa wikang Ingles at halos lahat nang ulat na ginagawa sa paaralan ay ginagamitan ng wikang Ingles. Nabanggit din nila na limitado lamang ang kaalaman sapagkat wala silang mapaggayahan na pormat sa paggawa kaya hindi nakagagawa naayon sa panahong kinakailangan. Para sa pagpapakahulugan ng resulta dahil sa hindi sapat ang kaalaman ng mga guro sa paggawa ng pormal na panulat malaki ang naging epekto nito. Ilan sa kanila ay sa internet na lamang kumukuha ang gawa na ulat para hindi na sila mag-isip pa. Ang ilan naman ay humihiram na lang sa ibang paaralan na mayroon nang gawa para hindi na sila gumawa pa nang sarili. Nangangahulugan lamang na kung ang mga guro na itatalaaga sa paggawa ng naratibong ulat tungkol sa selebrasyon ng buwan ng wika ay bihasa at malawak ang kaalaman sa wikang Filipino makagagawa sila nang mas maayos at epektibong naratibong ulat at hindi na aasa sa ibang tao sa paggawa nito. Maiiwasan din ang paggamit ng mga gawa nang ulat at hindi na dedepende sa gawa ng iba o sa internet.

Ang implikasyon sa pag-aaral na ito ay magsagawa ng pagsasanay upang malinang ang kaalaman sa paggawa nila at kahit hindi sila bihasa rito ay makagagawa parin sila ng mga sulatin gamit ang wikang Filipino. Malaki din ang tulong nang mga makabagong kagamitan sa pagkatuto nang sa gayun ay maging malawak ang kakayahan at magamit ito sa pang araw-araw na gawain hindi lamang sa asignaturang Filipino kundi sa pagpapalawak ng kaalaman sa naturang asignatura. Ayon kay Mangyao (2016) ang wika ay dynamic o patuloy na nagbabago sa katagalan ng panahon ito ang nagiging sanhi ng pagkalimot o hindi paggamit ng natural na anyo ng wika. Isa na rin ang modernisasyon sa nakakaapekto sa pagbabago ng wika sa pamamagitan ng pagbabago o pag usbong ng mga makabagong terminolohiya na mas magpapadali sa pag bigkas (Reyes, 2016).

***Kahirapan ng mga guro sa pagbuo***. Batay sa interbyu ng mananaliksik, ang lahat nang kalahok ay nahihirapan sa paggawa gamit ang mga angkop na salita. Ilan sa mga guro ay nalilito sa paggamit ng mga bantas, pananda at iba pang antas sa pagsulat. Malaking bagay para sa mga guro ang bihasa sa pagsulat dahil dito malalaman kung ang mga ginawang sulatin ay epektibo at maayos ang paggamit ng mga salita. Ang ilan naman ay hindi nakagagawa dahil walang kasanayan sa asignaturang Filipino at madalas na wikang Ingles ang kanilang ginagamit sapagkat dito sila mas nadadalian sa paggawa. Para sa pagkakahulugan ng resulta kinakailangan ng mga guro ay may sapat na kasanayan at kaalaman upang magbigay ng mga ideya na may kaugnayan sa isa't isa. Nakakaligtaan nila ang mga salita na eksaktong maglalarawan sa kanilang iniisip. Naglahad sila ng mga paksa na konektado ngunit may ilan na hindi tugma sa paksa. Karamihan sa mga detalye ay napakitang malinaw at naiintindihan subalit kinakailangan pa ng kaugnayan upang maging tugma ito sa paksa. Sa ganitong paraan, kung babasahin ang kanilang awtput, ang ilang detalye ay nakaliligtaan. Kung minsan ito ay lumalayo na sa ibig nilang sabihin at kung minsan ito ay wala nang kaugnayan. Bagamat nakakaligtaan ang mga salitang maaring ilarawan sa kanilang naiisip ang kabuoan naman ng kanilang nagawang pormal na sulatin ay may kaugnayan sa paksang tinatalakay dito. Ang resulta ay nahihirapan makagawa ng pormal na panulat dahil kulang ang karanasan sa asignaturang Filipino at may takda lamang ang kanilang nalalaman dito.

Dahil nito, ang mga guro ay maaring lumahok sa mga seminars at training na hahasa ng kanilang kakayahan sa paggamit ng wikang Filipino. Maaring magmungkahi o humingi ng payo mula sa mga bihasa sa wikang Filipino na magkaroon ng kaalaman patungkol sa wika. Ang ganitong pamamaraan ay kanilang magagamit at maisasagawa ng maayos at hindi na sila mahihirapan sa paggawa ng pormal na panulat. Ayon sa pag-aaral ni Santos (2016), kinakailangan himukin ang mga guro sa Filipino para sa kanilang propesyunal na pag-unlad sa pamamagitan ng pagdalo sa mga seminar o workshop-lokal o pambansang lebel. Lumabas ding limitado lamang ang eksposyur ng mga guro sa paglahok sa pambansang seminar lalo pa sa pandaigdigan.

***Kakulangan ng panahon sa paggawa***. Mahalaga sa bawat guro ang oras/panahon kaya naman isa rin ito sa naging kasagutan ng mga guro kung bakit may kabigatan sa kanila ang paggawa ng pormal na panulat. Ang bawat guro ay may iba't ibang obligasyon sa loob ng paaralan marahil ang mga ito ay hindi magagawa ng isang buong araw kundi kinakailangan ng maraming panahon at oras upang magawa ito ng mahusay. Ang guro ay nagtuturo buong araw bukod dito may ginawa pa silang mga karagdagang dokumento na pinapagawa sa kanila bilang bahagi ng kanilang tungkulin bilang isang guro. Ang mga kalahok ay nagbahagi ng kanilang karanasan kung bakit hindi sila nakakagawa ng pormal na panulat. Pahayag nila, naisasantabi nila ang paggawa dahil hindi naman ganun kahigpit sa kanilang paaralan ang paggawa ng pormal na panulat kaya sa mismong araw na lang sila nakagagawa at mas may inuuna silang ginawa kumpara sa paggawa ng mga ulat tungkol sa selebrasyon ng buwan ng wika. Ilan sa mga guro ay walang panahon sa paggawa dahil maraming mas importanteng bagay ang kanilang inuuna katulad ng E-Class records, Brigada Reports, at marami pang iba. Gayundin, nawawalan sila nang panahon dahil kahit sa kanilang bahay ay nagkukulang din sila at nakalaan na ito sa kanilang sariling mga pamilya. Resulta nito ang mga guro ay hindi nakakagawa ng pormal na panulat dahil wala silang panahon sa paggawa at may mas importanteng bagay pa ang kanilang ginagawa bukod dito. Sa halip na gumawa ng ulat gamit ang wikang Filipino dahil ang ulat ay tungkol sa buwan ng wika hindi ito nagagawa. Ang patuloy na pagsanay na makagawa ng panulat ay malaking bagay para matuto. Sabi nga nina Mabalhin (2022) at Felonia (2021) na ang pagkakaroon ng kasanayan sa pagsulat ay makatutulong upang mas lalo pa nilang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa larangan ng pagsulat.

***Gabay sa paggawa.*** Sinabi rin ng mga respondent na kinakailangan nila ng mga halimbawa ng materyal na maaari nilang maging gabay upang magkaroon ng malinaw at maayos na gawain na kanilang susundan. Isa ito sa mga dahilan kung bakit hindi sila nakagagawa dahil wala silang batayan sa paggawa ng pormal na panulat. Ang mga guro ay nangangailangan ng mga ganitong bagay sapagkat bukod sa limitado ang kanilang kakayahan magagamit din nila ang mga ito bilang gabay upang makagawa ng maayos at naayon sa mga tuntunin sa paggamit ng mga salita. Bukod dito, mailalahad din ang mga bantas, mga pamamaraan sa pagsulat at iba pa upang matulungan ang mga guro sa paggawa ng pormal na panulat. Sa pagpapakahulugan, karamihan sa mga guro ay walang kakayahan gumawa kaya umaasa sana sila sa mga gabay-materyal sa paggawa ng pormal na panulat. Kung kaya inaasahan na may magagawang mga halimbawa ng mga gabay-materyal para magkaroon ng basihan ang mga guro sa paggawa ng pormal na panulat. Nangangahulugan lamang na kung bibigyan lang ng mga kagamitan ang mga guro sa tamang paggawa ng pormal na panulat sila ay makagagawa gamit ang mga gabay-materyal na kanilang magagamit dito. Ilan sa mga guro ay kakaunti lamang ang kaalaman sa mga alituntunin sa pagsulat, mga bantas, mga pananda at iba pa.

Ang kasanayan ng mga guro sa paggawa ng pormal na panulat ay mahalagang kasanayan sa pagsulat. Kung magkakaroon sila ng batayan mas madali sila makagagawa nito dahil wika ang pangunahing gamit sa pagsulat, ang tamang kaalaman dito ay pangunahing kasanayan upang maisawika nila ang kanilang nasa isipan. Nalilimitahan ang kanilang paggawa ng pormal na sulatin dahil kakaunti lamang ang kagamitan o mga batayan sa paggawa. Sa pagkalahatan, ang mga guro ay mapapadali ang paggawa ng pormal na panulat kung bibigyan sila ng batayan o mga halimbawa ng gabay-materyal. Malaki ang naitutulong ng mga gabay-materyal sa mga guro dahil napapadali nito ang mga gawain at makagagawa na sila ng kanilang mga sariling gawa na pormal na panulat. Ito rin ay magsisilbing gabay nila upang mas maunawaan ang mga dapat pagkakasunod-sunod sa paggawa ng pormal na panulat. Inaasahan rin na ang ganitong halimbawa ay magagamit hindi lamang ng mga guro sa filipino kundi lahat ng guro na kailangan ng gabay sa paggawa ng pormal na panulat. Maaring sumali sa mga paligsahan sa pagsulat upang mahasa ang kakayahan sa wastong gamit ng mga salita, mga bantas, pananda at marami pang iba. Sinang-ayunan ito ng pag-aaral naman ni Barrientes (2015) nagiging maging mas mabisa ang kasanayan sa pagsulat sa paggamit ng sanayang aklat, dahil ito ang nagsisilbing gabay ng mga guro sa kanilang pagpupunlang kaalaman sa mga mag-aaral.

***Kahirapan sa Balarilang Filipino at Ortograpiyang Filipino***. Sa naging interbyu sa mga guro. Dito sila higit na kinakabahan sa paggawa ng pormal na panulat sapagkat maaari silang makagawa ng kamalian at makadudulot lamang ito ng kalituhan sa mambabasa. Malaki ang importansya na dapat maalam ang mga kaguruan sa wasto at tamang gamit ng mga balarilang at ortograpiyang Filipino. Ito ang kanilang naging kasagutan kung bakit hirap makagawa ng pormal na panulat ang mga guro. Ilan sa mga guro ay naghahanap na lamang ng halimbawa sa internet na gawa na at kanila na lang itong papalitan ng naayong petsa at araw kung kailan ito gagamitin. Ilan sa mga nakausap ng mananaliksik ay humihingi sila ng halimbawa sa ibang paaralan na katulad ng panulat na gagawin upang hindi na ito gumawa at papalitan na lamang ito ng pangalan at kanila na itong ipapasa. Marahil ito ay mga alternatibong pamamaraan para mapadali ang gawain ngunit ito ay hindi solusyon upang mas maging maalam tayo sa paggamit ng mga salita. Nagdudulot lamang ito ng mas mababang kalidad ng kaalaman sa paggamit ng mga salita sa pagsulat.

Sa pagpapakahulugan, sa bahaging ito makikita at matutukoy na ang mga respondents ay hirap makagawa ng gawain at nakadepende na lamang sila sa mga paaralan na mayroong gawa. Ang ilan naman ay sa internet na lamang kumukuha ng halimbawa para hindi na gumawa ng sariling gawa. Nangangahulugan lamaang na dumidepende na lamang sila kung saan sila mas madadalian ng gawain at hindi na nila iisipin kung mapapaunlad pa ba nito ang kaalaman ko sa pagsulat at paggamit ng mga wastong salita. Dahil dito marapat lamang na dagdagan ang pagbabasa ng mga librong naglalaman ng mga makatutulong sa pag-unlad ng ating kaalaman sa tamang paggawa ng sulatin, maaring malaman ang istilo at teknik sa pagsulat at marami pang iba. Maaring gumamit ng mga ilang hakbangin at mga pagsusulit na maglilinang ng ating mga kakayahan sa pagkatuto sa salita at mga gamit nito. Malaking maitutulong din ang pagsali sa mga paligsahan upang lumawak pa ang matutunan sa paggamit ng salita sa pagsulat. Ayon kay Belvez (2001), mahirap para sa manunulat ang magsulat

ng walang laman ang isipan. Kailangan lamang na may laman ang isipan para makapagsulat ang isang tao. Buhat sa mga nabanggit, magkakaroon ng kulay ang paksang isusulat na siyang magpapagalaw sa mga tauhan at lilikha sa larawan ng imahinasyon ng manunulat.

***Gabay-patnubay sa paggawa ng pormal na panulat***

Ang gabay-materyal sa paggawa ng pormal na panulat ay ginawa upang maging materyal na kagamitan ng mga guro. Ito rin ay magiging gabay sa paggawa ng pormal na panulat. Upang lubos na maunawaan ang mga bahagi nito narito ang mga pagkakasunod-sunod na nakapaloob sa gabay-materyal.

***Rasyonal***. Ang materyal na nabuo ay nagnanais na matulungan ang bawat guro sa elementarya, sekundarya at maging sa kolehiyo upang gamitin ang wikang Filipino sa wastong paggawa ng pormal na panulat tulad ng naratibong ulat maging din sa paggawa ng ulat ng nagawa, proyektong proposal at iba pa. Nagnanais rin masuportahan ang higit na pagkatuto sa gagawing sulatin ng mga guro katulad nalang ng mga epektibong pagsulat ng pormal na panulat, mga dapat taglayin upang maging matagumpay ang isang pormal na sulatin. Nakalahad din dito ang mga bantas, mga balarila at retorikang dapat na gamitin. Malaki ang maitutulong ng mga nasabing mga pamamaraan dahil higit itong mapakikinabangan at matututunan ng mga kaguruan nang sa gayun ay magkakaroon na sila ng ideya kung paano gumawa ng mga pormal na panulat. Hagad rin nitong dagdagan at linangin ang mga kaalaman ng bawat guro upang mas mapahusay pa nila ang kanilang gagawing panulat. Makakatulong ang mga ito sapagkat ang bawat pagsulat ay maaring mabago at madagdagan ang mga kakayahan ng bawat guro upang magamit ang mga ito sa mahusay na pamamaraan. Ngunit ang kakulangan ng kagamitan sa wastong paggawa at kaalaman ang nagpapahirap sa mga guro sa paggawa ng sariling pormal na panulat. Nawawalan rin ng panahon sa paggawa at nalilimitahan ito dahil sa iba pang mga Gawain ay maiibsan sa tulong ng gabay na ito.

Kung kaya't nabuo ang awtput na may pamagat na Gabay-Materyal sa Paggawa ng Pormal na Panulat. Ito ay isang gabay na nakabatay sa Batas Republika Blg. 7104 ng KWF na itinakdang magsagawa, mag-ugnay at magtaguyod ng mga pananaliksik at pag-aaral para sa pagpapaunlad, pagpapalaganap at preserbasyon ng Filipino at ng iba pang mga wika ng kapuluan. Ang mga nilalaman ng gabay na ito ay maaring magamit sa wasto at komprehensibong pamamaraan ng paggawa ng pormal na panulat tulad ng paggamit ng kawastuang balarila, konotasyon at denotasyon, mga bantas at iba pang dapat maabot ng bawat kaguruan para magtagumpay ang gagawin nilang panulat na hinubog ng may kalidad na edukasyon. Ang kagamitang ito ay magsisilbing karagdagang sanggunian ng mga guro upang magkaroon ng mas malinaw, epektibo at komprehensibong paggawa ng mga pormal na panulat. Sa mga kapwa guro ito ay magiging karagdagang pagkukunan ng impormasyon at reperensya sa wastong paggamit ng mga salita sa isusulat na pormal na panulat. Para sa pangkalahatang layunin ito ay magiging gabay-materyal at magiging kapaki-pakinabang sa mga guro sa iba't ibang paaralan na makagagawa ng pormal na panulat.

Bilang bahagi ng pag-aaral na ito ang layunin nito ay ang sumusunod:

***Pangkalahatang Layunin:*** Ang awtput na ito makatutulong sa mga guro na mapadali ang kanilang gawain at gamitin bilang kagamitan sa pagpapalawak ng kanilang mga kaalaman at kakayahan sa wastong paggawa ng pormal na panulat. Magsisilbi itong aklat-patnubay sa paggawa upang mapadali ang kanilang gawain sa kani-kanilang paaralan at hindi na nila kailangan pang humingi o manguha sa internet.

***Tiyak na Layunin:***

1. Mahasa at mapalawig pa ang pampagkatuto ng mga guro tungkol sa pagsulat sa paggawa ng pormal na panulat

2. Maihanda ang mga guro sa pamamagitan nitong awtput ay makagagawa sila kaagad nang hindi nagaalinlangan sa kanilang gagawin.

3. Magabayan ang mga guro sa pamamagitan ng mga pamamaraan, proseso, alituntunin at mga halimbawang nakapaloob sa awtput.

***Paunang Pahina.*** Nakalagay dito ang pamagat ng booklet. "Gabay-Materyal sa paggawa ng pormal na panulat" ang pamagat na ito ay naglalayon na makatulong sa mga guro sa paggawa ng maayos at madaling sulatin gamit ang wikang filipino.

***QR Code***. Isa itong kagamitang teknolohiya na mapapadali ang paghahanap ng Booklet na ito. Sa pamamagitan ng internet, i-scan nyo lang gamit ang telepono ninyo ang QR Code pagkatapos ay makikita nyo na ang buong laman ng aklat. Kahit saan kayo naroon ay mababasa ninyo ang laman nito.

***Paunang Salita.*** Naglalaman ito ng mga maaring magamit hindi lamang ng mga guro kundi ng mga mag-aaral sa Wikang Filipino. Mga makukuhang kaalaman sa aklat na ito. Kung para saan ba ang gabay-materyal na ito at kung ano ang kahalagahan nito sa mga guro. Naglalaman ito ng mga paunang impormasyon nang sa gayun ay agad maunawaan ng mga guro kung para saan ba ang aklat na ito. Dito nila makikita ang mga posibleng proseso at pamamaraan sa tamang paggawa ng pormal napanulat.

***Talaan ng nilalaman.*** Nakalista dito ang mga nilalaman ng aklat. Dito mo makikita ang mga laman ng aklat at kung saan na pahina mo ito makikita. Nakatala dito ang mga pamagat at kung anong pahina ito mahahanap. Maaari nilang malaman dito ang mga Dapat malaman sa wastong paggawa ng pormal na panulat, mga wastong bantas, mga alituntunin sa pagsulat ng pormal na panulat at iba pa.

***Introduksyon sa pagsulat.*** Nakasulat dito ang mga dapat malaman tungkol sa pagsulat. Kung ano ang mga kahalagahan ng pagsulat at para saan ang pagsulat. Ang tamang gamit ng bantas. Mga impormasyon tungkol sa pagsulat. Mga dapat taglayin kapag tayo ay gagawa ng sulatin. Sa bahaging ito higit na mauunawaan ang mga importanteng detalye sa pagsulat. Inaasahan dito na mapapadali ang pagtukoy ng mga guro sa wastong gamit ng mga salita.

***Relasyon ng Baralira at Retorika.*** Maiuugnay dito ang pagkakaiba ng balarila at retorika. Alin sa mga ito ang mas epektibo at mas ginagamit ng sa pagsulat sa wikang Filipino. Saan ba nakapokus ang Balarilang Filipino (Grammar) at Retorikang Filipino. Sa bahaging ito, maipapakita ang pagkakaiba ng balarila at retorika. Kung alin ang higit na ginagamit sa pagsulat o pagtukoy ng mga salitang gagamitin upang ito ay maging maayos at tama ang pagkakagamit ng mga salita.

***Paggamit ng tamang salita at kahulugan.*** Dito makikita ang mga wastong pagbibigay ng mga salita na nakatutulong sa pagpili at paggamit ng angkop na salita sa pagpapahayag ng mga kaisipan at ang kahulugan nito. Sa bahaging ito, ipapahayag ang mga salitang gagamitin at pagpapakahulugan ng mga ito upang madaling maunawaan at magamit ito ng maayos.

***Mga Bantas.*** Maiisa-isa dito ang iba't ibang bantas na ginagamit sa wastong pagsulat. Iba't ibang bantas na kailangan matutunan at malaman ang pagkakaiba-iba ng bawat isa. Dito nila makikita ang mga mahahalagang at tamang gamit ng bantas. Sa bahaging ito, magkakaroon sila ng ideya o maaalala nila ang mga tamang pamamaraan ng paggamit nito. Gagamitin nila itong gabay kapag sila ay gagawa ng sulatin o ng pangungusap.

***Epektibong pagsulat ng pormal na panulat.*** Nakalista dito ang mga dapat taglayin upang maging matagumpay ang isang pormal na sulatin. Upang maging epektibo ang pagsulat ng isang pormal na sulatin may mga mungkahing para maging mahusay ang pagsulat. Nakalista rin dito ang mga proseso ng paggawa ng pormal na panulat, lubos na magagamit nila ito sapagkat malinaw na nakalista ang pagkakasunod-sunod ng tamang paggamit ng mga salita sa pormal na panulat na gagawin.

***Mga halimbawa ng pormal na panulat.*** Ito ay mga halimbawa ng pormal na panulat na magiging batayan at gabay sa tamang paggawa ng wastong panulat. Ito ay ang Aksyon Plan, Naratibong ulat, at iba pa. Magsisilbi itong gabay ng mga guro dahil may mga halimbawa na sila na susundin. Katulad ng Naratibong Ulat madali na

sila makagagawa nito dahil may halimbawa na at may pamamaraan na nakalagay.

***Sanggunian.*** Nakalista dito ang mga sanggunian na pinagkunan at magisisilbing basihan ng akat na ito. Upang maging legal ang ginawang aklat, ito ang magsisilbing batayan na ang mga sanggunian na ginamit ay iginagalang sa tunay na may-akda o isang kredito.

***May-akda.*** Dito nakasulat ang pangalan ng may akda at kung bakit nya naisipan magsulat ng gabay-materyal na ito. Ang may-akda ay gumawa nito upang matulungan ang mga guro sa paggawa ng pormal na panulat. Nag-iiwan ng makabuluhang aklat ang may-akda hindi lamang na matulungan ang mga guro kundi magabayan sila sa tamang paggamit ng mga salita at wastong pagsulat.

Ang gabay-materyal sa paggawa ng pormal na panulat ay isang kagamitan makatutulong na magyamanin at palawakin ang kaalaman at kakayahan ng mga guro sa paggawa ng pormal na panulat. Ito ay magsisilbing aklat-patnubay sa pagkatuto sa paggamit ng wastong salita sa pagsusulat. Sa pamamagitan nito matutulungan at magagabayan ng wasto ang mga kaguruan sa kung paano makagagawa ng pormal na panulat nang hindi na kailangan pang humingi ng tulong ng iba. Ito ay mas pinaikli nang sa gayun ay agad matutunan at maunawaan ng wasto ng mga guro kung saan matututo dito.

Ayon sa Batas Republika Blg. 7104, ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay itinakdang magsagawa, mag-ugnay at magtaguyod ng mga pananaliksik at pag-aaral para sa pagpapaunlad, pagpapalaganap at preserbasyon sa Filipino at ng iba pang mga wika ng kapuluan. Kaugnay nito, malugod na hinahangad ng KWF na buklurin ang mga ahensiya ng pamahalaan upang tupadin ang tadhana ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 335, 25 Agosto 1988[31], na pormal na nag-aatas sa lahat ng kagawaran, kawanihan, opisina, ahensiya, at instrumentaliti ng pamahalaan na magsagawa ng mga hakbang na kailangan para sa layunin magamit ang Filipino sa opisyal na transaksiyon, komunikasyon at korespondensiya. Sapagkat sa pamamagitan ng puspusang paggamit ng wikang Filipino sa opisyal na mga transaksiyon, komunikasyon at korespondensiya sa mga opisina ng pamahalaan ay lalong mauunawaan at mapapahalagahan ng sambayanang Filipino ang mga programa, proyekto at mga gawain ng pamahalaan sa buong bansa at sa gayon ay magsisilbing instrumento ng pagkakaisa at kapayapaan para sa pambansang kaunlaran.

## 4. Kongklusyon at rekomendasyon

Batay sa natuklasan, inlalahad ang sumusunod na kongklusyon: Hindi gaanong nalinang ang kasanayan ng mga guro sa paggawa ng pormal na panulat sa kadahilanang hindi sapat ang kaalaman at kakayahan sa paggawa. Ang nabuong gabay- materyal sa paggawa ng pormal na panulat ay kakikitaan ng mga bahaging tulad ng balarilang Filipino, Ortograpiyang Filipino, mga bantas, mga halimbawa ng naratibong ulat at iba pa. Naging rekomendasyon na ang ng mga guro ay patuloy na makilahok sa mga pagsasanay, palihan at seminars nang sa gayun ay mas malinang pang lalo ang mga kakayahan sa pagsulat ng mga pormal na panulat gamit ang wikang Filipino. Ang gabay-materyal ay maaring ipamahagi sa ibang kaguruan upang mas lumawak ang maaring matulungan nito at maaring mangasiwa ng isang seminar/workshop upang mas dumami ang matutong kaguruan patungkol sa paggawa ng pormal na panulat. Ang nabuong gabay-materyal ay maaarrig gamitin ng mga guro lalo na ng guro sa Filipino upang mas mapataas ang antas ng kaalaman sa paggawa ng pormal na panulat.

## 5. Talasanggunian

Alejandro (2016). Mga Estratehiyang pinakaginagamit sa pagsulat sa filipino ng mga mag-aaral ng Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon sa Pampamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao. Retrieved from https://www.researchgate.net/publication/379654347_Mga_Estratehiyang_Pinakaginagamit_sa_Pagsulat_sa_Filipino_ng_mga_Mag-aaral_ng_Batsilyer_ng_Sekundaryang_Edukasyon_sa_Pampamahalaang_Pamantasan_ng_Kanlurang_Mindanao

Barrientes, A. M. (2015). Bisa ng Paggamit ng Aklat sa Malikhaing Pagsulat sa Ikapitong Grado. Letran-Calamba Journal of Institutional Research and Development, 1(2).

Batas Republika Blg. 7104 (Seksiyon 2) Komisyon sa wikang filipino https://komisyonsawikangfilipino.wordpress.com/irr/
Batas Republika Blg. 7104 (Seksiyon 6) mandato https://kwf.gov.ph/mandato/
Belvez (2001) Malikhaing Pagsulat https://www.scribd.com/presentation/472933367/Yunit-I-Malikhaing-pagsulat
Bernales, R. A., Garcia, L. C., Abesamis, N. R., Irabagon, C. C., Salvador, J. C., Cabrera, H. L. Jr., Tuazon, M. N. Q., & Armendares, J. M. (2001). Pagbasa at pagsulat sa iba't ibang disiplina. Mutya Publishing House.
Calub (2016). Pagsulat. Retrieved from https://www.scribd.com/document/426658246/Pagsulat
Donald M. (2014). Ang pagsulat ay isang prosesong rekarsibo paulit ulit. Retrieved from https://www.coursehero.com/file/p4j49aoo/Ang-pagsulat-ay-isang-prosesong-rekarsib-o-paulit-ulit-Writing-is-rewriting-wika/
Ednalyn D., et al. (2013). kabanata 5 final. Retrieved https://www.scribd.com/document/451021864/kabanata-5-final
Edwin M., (2010). Kahulugan ng Pagsulat. Retrived from https://www.coursehero.com/file/227317065/Kahulugan-ng-Pagsulat-2pptx/
Edwin M., (2016). Pagsusulat. Retrieved from https://www.coursehero.com/file/65739838/AG-PAGSUSULATdocx/
Emery (2004). Pagsulat. Retrieved from https://www.coursehero.com/file/53985025/PAGSULATdocx/
Emery (2004). Paniniwala sa pagsulat filipino. Retrieved from https://www.scribd.com/doc/196036867/Paniniwala-Sa-Pagsulat-Filipino
Felonia, M. (2021). Ang Pagtuturo ng wika at Panitikang Pilipino sa panahon ng pandemya. Research Gate. Retrieved May 1, 2023, from https://www.researchgate.net/publication/356426508_Ang_Pagtuturo_ng_Wika_at_Panitikang_Pilipino_sa_Panahon_ng_Pandemya
Graham (2007) Estudyante kung paanong ang mga letra at tunog ay makatutulong sa paglinang ng https://www.coursehero.com/file/p5na01rk/estudyante-kung-paanong-ang-mga-letra-at-tunog-ay-makatutulong-sa-paglinang-ng/
James L., (2000). Mga Pamamaraan at Kagamitan sa Pagtuturo ng Filipino sa Panahon ng Pandemya. Retrieved from https://www.researchgate.net/publication/353401215_Mga_Pamamaraan_at_Kagamitan_sa_Pagtuturo_ng_Filipino_sa_Panahon_ng_Pandemya
Jeraldine F., (2015). Ang pagsulat ay isang proseso at dahilan sa itoy. Retrieved from https://www.coursehero.com/file/p3qiu1sq/Tinuran-ni-Fernandez-2015-na-ang-pagsulat-ay-isang-proseso-at-dahilan-sa-itoy/
John K. (2015). Ang pagsulat ay isang proseso at dahilan sa itoy. Retrieved from https://www.coursehero.com/file/p3qiu1sq/Tinuran-ni-Fernandez-2015-na-ang-pagsulat-ay-isang-proseso-at-dahilan-sa-itoy/
Kautusang Tagapagpaganap Blg. 335, 25 Agosto 1988 https://kwf.gov.ph/wp-content/uploads/EO_335.pdf
Lumbrera (2017). Final Kabanata. Retrieved from https://www.academia.edu/42219766/FINAL_KABANATA
Mabalhin, J. (2022). Pagpapakahulugan sa Nobelang Noli Me Tangere: Isang Hulwarang Gabay SA Pagtuturo. International Journal of Research Studies in Education. Retrieved May 6, 2023, from https://www.academia.edu/80222767/Pagpapakahulugan_sa_nobelang_Noli_Me_Tangere_Isang_hulwarang_gabay_sa_pagtuturo
Mabanglo (2014). Kabanata II. Retrieved from https://www.coursehero.com/file/56214718/Kabanata-IIdocx/
Mangyao (2016). kabanata II kaugnay na pag-aaral at literatura https://www.academia.edu/39807149/Kabanata_II_KAUGNAY_NA_PAG_AARAL_AT_LITERATURA
Raoofi, S., Binandeh, M., & Rahmani, S. (2017). An investigation into writing strategies and writing proficiency of university students. Journal of Language Teaching and Research, 8(3), 627–636. https://doi.org/10.17507/jltr.0803.22

Reyes (2016). ang wika ng batas at kapangyarihan https://dalubwikaq.wixsite.com/samot-sari/single-post/ang-wika-ng-batas-at-kapangyarihan

Rivers (1975). na binanggit ni Manalus (2021) Kahalagahan ng apat na makrong kasanayan sa pagkatuto ng wika at panitikang pilipino sa panahon ng pandemya https://www.researchgate.net/publication/356962587_Kahalagahan_ng_Apat_na_Makrong_Kasanayan_sa_Pagkatuto_ng_Wika_at_Panitikang_Pilipino_sa_Panahon_ng_Pandemya

Saavedra, A., & Barredo, C. (2020). Factors that contribute to the poor writing skills in Filipino and English of the elementary pupils. International Journal of Innovation, Creativity and Change, 14(5).

Santos (2016). Kahalagahang panterapyutika mahalaga ang pagsulat sapagkat nagiging daan ito https://www.coursehero.com/file/p306jcle/Kahalagahang-Panterapyutika-Mahalaga-ang-pagsulat-sapagkat-nagiging-daan-ito/

Tompkins, G. (2003). Literacy for the 21st century (3rd ed.). Pearson Education, Inc.

Villafuerte (2008). Interaktibong pagtuturo ng panitikan. Retrieved from https://www.slideshare.net/slideshow/interaktibong-pagtuturo-ng-panitikan/42688675